WASTE MANAGEMENT AWARENESS

Isinulat nina: Marinette Veloso and Kristina Joy Santos

Ang unang bahagi ng Social Involvement Program (SIP) ng ikalawang baitang ay naganap noong ika-1 ng Setyembre na dinaluhan ng mga mag-aaral, guro, PSRs (Parent Section representative), SIP Volunteers at ng mga kinatawan ng City Environment Management Office (CEMO) ng Lungsod ng Marikina.

Ibinahagi ni Kuya Carlos Pangilinan ang tungkol sa tamang pamamahala ng basura, mga ordinansa ng Marikina ukol dito at ang tungkulin ng kanilang tanggapan upang panatilihin ang kalinisan ng komunidad. Nagbigay din si Kuya Carlos ng mga magagawa ng mga estudyante at ng kanilang pamilya upang makatulong sa pagbawas ng basura sa bahay at sa komunidad.

Nagkaroon rin ng talakayan at tanungan tungkol sa mga natutunan ng mga mag-aaral at sa kanilang mga nais pang malaman tungkol naman sa propesyon ng mga panauhin. Ang mga mag-aaral ay aktibong nakibahagi sa programa at nagpakita ng interes at malasakit sa kalikasan at sa ating mga panauhin. Bilang pasasalamat ng mga mag-aaral, sila ay naghandog ng awiting “I Can”.

Tunay na mainam na malaman at ipaalala sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng tamang paraan ng pagtapon ng basura at ang epekto nito sa kalikasan at sa kalusugan ng mga tao. Ngunit ating tandaan na ang pangangalaga ng kapaligiran ay tungkulin ng bawat tao —bata man o matanda.